

Lumabas at Manatili sa Labas!

Abril 2024



Larawan 1. Mga empleyado na inilikas mula sa planta ng pagpoproseso ng pagkain

Noong Enero 28, 2021, umapaw ang likidong nitroheno mula sa isang nakalubog na priser na matatagpuan sa loob ng pasilidad sa pagpoproseso ng pagkain sa Gainesville, Georgia. Anim na empleyado ang namatay at 4 ang nasugatan. Nagsimula ang pagpapalabas habang inaayos ng mga manggagawa sa pagpapanatili ang priser. Ang likidong nitroheno ay inilabas, naging singaw, at naipon sa loob ng silid na walang mekanikal na bentilasyon. Ang dalawang manggagawa sa pagpapanatili na nag-aayos sa priser ay nawalan ng hangin dahil sa nitrohenong singaw.

Ang hindi nakokontrol na paglabas ng likidong nitroheno ay hindi natukoy sa loob ng 30 hanggang 60 minuto hanggang sa hinanap ng isa pang manggagawa ang mga manggagawa sa pagpapanatili at nakakita ng 4ft (1.2 metro) na taas na singaw na ulap na pumupuno sa silid. Iniulat ng manggagawang ito ang insidente sa namamahala, na nagpasimula ng paglikas. Sa panahon ng paglikas sa buong gusali, hindi bababa sa 14 na iba pang empleyado, kabilang ang namamahala, ang tumugon sa insidente sa pamamagitan ng alinman sa pagsisiyasat sa priser na silid o pagtatangkang iligtas ang mga katrabaho. Bilang resulta, apat na karagdagang empleyado ang namatay sa pagkahilo. Tatlo pang empleyado at isang bumbero ang ginamot dahil sa mga sintomas ng pagkahilo.

Para sa mga karagdagang detalye tingnan ang ulat ng US Chemical Safety Board No. 2021-03-I-GA

Alam Mo ?

- Ang mga lugar kung saan ang mga mapanganib na gas ay iniimbak, pinoproseso, o nabuo bilang isang kakambal na produkto ay dapat na maaliwalas upang maiwasan ang pagkakalantad sa gas.
- Dapat maglagay ng gas detektor at sistema sa alarma na idinisenyo para sa mga partikular na gas upang subaybayan ang lugar at abisuhan ang mga tauhan kapag may mataas na antas.
- Ang mga taong nagtatrabaho sa o malapit sa mga lugar na ito ay dapat magsuot ng personal na gas detektor na maaaring makakita at alertuhan sila ng mataas na konsentrasyon ng mapanganib na gas.
- Maraming mapanganib na mga pagkamatay na nauugnay sa gas ang nangyayari kapag sinubukan ng iba na iligtas ang isang katrabaho sa isang nakakalason o kulang sa oksiheno na kapaligiran. Walang sinuman ang dapat pumasok sa isang potensyal na mapanganib na espasyo nang walang wastong permiso, paghahanda, at kagamitan sa paghinga.
- Ang mga alarma sa paglisan ay nag-aabiso sa mga tao na may nangyaring malubhang kaganapan. Ang tamang tugon ay dapat ipaalam sa mga empleyado, bisita at kontratista sa kanilang oryentasyon sa kaligtasan sa lugar.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Alamin kung saan ginagamit ang nitroheno o iba pang mga mapanganib na gas sa iyong lugar. Kung makakita ka ng mga potensyal na lugar ng paglabas tulad ng mga bukas na tubo, nagpalabas ang paluwagan humingi ng utos sa trabaho upang maitakip ang mga ito o maayos na mailabas.
- Kung nagtatrabaho ka sa isang lugar kung saan naroroon ang mga mapanganib na gas, alamin ang mga senyales ng alarma para sa mga mapanganib na sistema ng pagtuklas ng gas na ginagamit doon.
- Kapag tumunog ang alarma sa paglikas, huwag maghintay o subukang mag-imbetiga, lumikas kaagad sa lugar. Tanging ang mga tauhan lamang na wastong sinanay at may tamang PPE ang dapat pahintulutan mag-imbetiga hanggang sa ligtas ang lugar.
- Kung may mga bisita o kontratista na nagtatrabaho sa isang mapanganib na lugar, kumpirmahin na alam nila kung paano ligtas na lumikas.
- Kapag ikaw ay nasa itinalagang ligtas na lugar, manatili doon! Ang pag-alis sa lugar ay maaaring maglantad sa iyo sa isang nakamamatay na dosis ng nakakalason na materyal.
- Ang tanging ligtas na oras upang bumalik sa lugar ay pagkatapos na ipahayag ang katayuang 'malinaw-lahat'.

Alamin ang mga pamamaraan sa paglikas sa emerhensiya at sundin ang mga ito!